Tagalog

# Tuloy Po Kayo sa Aklatan Pang-Publiko

Ang aklatan pang-publiko ay isang lugar sa inyong komunidad kung saan ang lahat ay malugod na tinatanggap. Sa aklatan, kayo at ang inyong pamilya ay makakahanap ng impormasyon, makapagbabasa o makapag-aaral, makapagtanong, makakasali sa isang programa, makakahiram ng libro…at marami pang iba!

## Sa aklatan, kayo at ang inyong pamilya ay maaring…



**Humiram ng materyales, kasama ang:**

- Tulong sa pag-aral ng Ingles.
- DVDs, musika at audio book CDs.
- Mga libro, magasin…at marami pa!



**Gumamit ng computer**

Karamihan sa mga aklatan ay mayroong mga computer para sa email at internet. Ang ilan sa mga aklatan ay maroong ding mga computer para sa pagsusulat ng resumes at mga sulat, at sa pag-aaral ng isang wika.



**Gumamit ng online resources**

Karamihan sa mga aklatan ay mayroong special online resources at databases. Maari kayong makinig at magbasa ng libro, magasin, at pahayagan gamit ang isang computer. Ang special online resources ay mayroong impormasyon para sa mga gawain sa paaralan, impormasyon tungkol sa kalusugan, at marami pa!



**Maghanap ng mga libro at magasin sa iba't-ibang wika**

Ang ilan sa mga aklatan ay mayroong mga libro, mga pahayagan, at iba pang materyales sa iba't-ibang wika. Magtanong sa inyong aklatan para sa karagdagang impormasyon.



**Pumunta sa mga programa sa aklatan**

Ang mga aklatan ay mayroong mga programa, klase at pangyayari para sa mga bata, kabataan, mga nasa hustong gulang at mga pamilya. Dalhin ang inyong mga anak sa aklatan para sa mga masasayang programa. Maraming aklatan ang mayroong mga book club, mga klase sa computer para sa mga nasa hustong gulang, at iba pang mga programa. Magtanong sa inyong aklatan kung ano ang kanilang mga programa.



**Kumuha ng kasagutan sa inyong katanungan**

Ang mga tauhan sa aklatan ay handang tumulong na humanap ng sagot sa lahat ng anumang katanungan. Magtanong lamang!



## Maghanap ng aklatang pang-publiko na malapit sa inyo.

Mayroong higit sa 100 aklatang pang-publiko sa Manitoba.

**Winnipeg Public Library**
Millennium Library (Main branch)
251 Donald Street, Winnipeg
**Phone**: 204-986-6450
**Website**: *winnipeg.ca/library*
Mayroon kaming 20 lokasyon. Ang Millennium Library ang pinakamalaki, at ito'y mayroong higit sa 650,000 bagay, at mga libro sa higit sa 30 wika.

**Western Manitoba Regional Library**
Brandon Branch (Main Branch)
710 Rosser Avenue Unit 1, Brandon
**Phone**: 204-727-6648
**Website**: *wmrl.ca*
May mga lokasyon kami sa Carberry, Neepawa, Glenboro at Hartney.

**South Central Regional Library**
Winkler Branch (Main branch)
160 Main Street, Winkler
**Phone**: 204-325-7174
**Website**: *scrlibrary.mb.ca*
May mga lokasyon kami sa Altona, Morden at Miami.

**Jake Epp Library**
255 Elmdale Street, Steinbach
**Phone**: 204-326-6841
**Website**: *jakeepplibrary.com*

Para humanap ng ibang aklatang pang-publiko sa Manitoba, tumawag (walang bayad) sa 1-800-252-9998.
**Website**: *gov.mb.ca/chc/pls/index.html*

### Paano ako makakakuha ng isang library card?

Ang library card ay nagpapatunay na kayo ay miyembro sa aklatan. Bumisita sa aklatan sa inyong lugar at magdala ng isang ID upang makuha ang inyong card. Kalimitan ay walang bayad para sa library card. Magtanong sa inyong aklatan tungkol sa impormasyon para sa pagiging miyembro.

- Ang ID ay maaring lisensiya sa pagmamaneho, Manitoba Health card, o anuman na mayroong inyong kasalukuyang tirahan.
- Ingatan ang inyong library card. Ipaalam sa inyong aklatan kung mawala ang inyong card.

### Paano ako hihiram ng mga materyales sa aklatan?

- Karamihan sa mga bagay sa aklatan ay maaring hiramin. Kapag humiram kayo ng bagay mula sa aklatan, bibigyan kayo ng petsa kung kailan isasauli ang inyong hiniram. Ang petsa ng pagsauli ay ang araw kung kailan dapat isauli ang bagay sa aklatan.
- Kailangan isauli sa mabuting kondisyon ang bagay para sa taong susunod na gagamit.

### Ano ang mangyayari kung ako ay nahuli?

- Kayo ay magbabayad ng multa kung nahuli kayo sa pagsauli ng mga bagay na hiniram.
- Maaring mas matagal ninyo mahihiram ang bagay na hiniram. Magtanong sa aklatan kung paano ito gagawin.

### Ang aklatan sa inyong lugar:

Manitoba · Winnipeg · Winnipeg Public LIBRARY · BIBLIOTHÈQUE publique de Winnipeg